# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG SETYEMBRE 20, 2021, LUNES, IKA-9:45 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad - sick |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President-sick |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: [signature] Date: 04 OCT 2021 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME: [signature] DATE: 10.8.21 TIME: ______ STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 353-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 074-T2021 / KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 012-T2021 NG BARANGAY NG SANTO ANGEL SUR, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGLALAAN NG HALAGANG P2,000.00 BILANG KARAGDAGANG HONORARIA NG SANGGUNIANG BARANGAY (ELECTED AND APPOINTED) AT KARAGDAGANG P2,500 SA PUNONG BARANGAY PARA SA TAONG 2022.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur, Santa Cruz, Laguna sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 074-T2021 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 012-T2021 para sa karagdagang honoraria ng Sangguniang Barangay para sa taong 2022;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** matapos ang pag-aaral ng lupon ay inirekomendang pagtibayin na ito nang naaayon sa Local Budget Circular ng Department of Budget and Management entitled – Position Classification and Compensation of Barangay Officials and Personnel.

**SAPAGKAT,** may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay;

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Mark Anthony P. Joven, Kgg. Efren L. Diaz, Kgg. Ramon D. Tan at Kgg. Ambiel John C. Panganiban at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 074-T2021 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 012-T2021 ng Barangay ng Santo Angel Sur, Santa Cruz, Laguna na naglalaan ng halagang P2,000.00 bilang karagdagang honoraria ng Sangguniang Barangay (Elected and Appointed) at karagdagang P2,500.00 sa Punong Barangay para sa taong 2022.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal at Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTITIBAY. Setyembre 20, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
10-01-21